



Sa kabuuan:

2 KEY POLICY RATE

Hindi binago ng BSP ang *key policy interest rate** na 2%.



Sa pananaw ng BSP, papasok sa *target range* na 2%-4% ang *inflation*** sa susunod na dalawang taon.



Gayunpaman, may mga bagay na puwedeng magpataas ng *inflation* sa 2022.



Inaasahan ng mga ekonomista mula sa pribadong sector na papasok sa nasabing *target range* ang *inflation*.



Patuloy ang paglago ng ekonomiya ng bansa.



Dahil magiging *manageable* naman ang *inflation*, hindi kinailangan ng BSP baguhin ang *key policy interest rate* para patuloy na masuportahan ang ekonomiya ng bansa.

Patuloy na babantayan ng BSP ang lahat ng puwedeng magpataas sa presyo ng mga bilihan.

*Ang *key policy interest rate* ay ang *interest rate* ng *reverse repurchase instrument* na itinatagda ng BSP. Nagbibigay ito ng *senyales* ng pananaw ng *monetary policy* ng BSP.

**Ang *inflation* ay ang *antas* ng *pagtaas* ng *presyo* ng mga *bilihan*.

Hindi binago ng BSP ang *key policy interest rate* sa 2%.

2 KEY POLICY RATE

Sa nakaraang *monetary policy meeting* noong 17 Pebrero 2022, hindi binago ng BSP ang 2% na *key policy interest rate* dahil inaasahang papasok sa *target range* na 2%-4% ang *inflation* para sa taong 2022 (3.7%) at 2023 (3.3%).


Ayon sa pananaw ng BSP, ang *inflation* ay papasok sa *target range* na 2%-4% sa susunod na dalawang taon.



Sa 2022, maaaring tumaas ang *inflation* dahil sa pagtaas ng presyo ng pagkain at langis sa bansa at isyu sa suplay ng ilang mga bagay sa labas ng bansa (na inahasaahang masosolusyunan sa 2023).

Sa unang bahagi ng 2022, inaasahang bababa ang *inflation* subalit lalampas ito ng bahagya sa 4% pagdating ng *2nd quarter*. Samantala, papasok ito sa *target range* na 2%-4% sa *3rd* at *4th quarters*.

Gayunpaman, may mga bagay na puwedeng magpataas ng inflation sa 2022.



Kahit maraming bagay na puwedeng magpataas ng presyo ng mga bilihan sa 2022, ang mga ito ay hindi inaasahang magpapatuloy sa 2023. Ang patuloy na pagtaas ng pandaigdigang presyo ng langis at pagkain, limitadong suplay ng karneng baboy sa loob ng bansa, at posibleng pagtaas ng ating pamasaha ay maaaring magpataas ng ating *inflation (upside risks)*. Samantala, ang pagkaantala ng implementasyon ng mas maluwag ng *quarantine restrictions* at mas mabagal na *economic recovery* ng ibang bansa dahil sa patuloy na pagkalat ng mga bagong *COVID-19 variants* ay makakapagpahina ng demand at maaaring magpababa ng inflation (*downside risks*).

Inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na papasok sa 2%-4% target range ang inflation.



Ayon sa *survey* ng BSP noong Pebrero 2022, inaasahan ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na aabot sa 3.5% ang *inflation* sa 2022 (mas mataas nang kaunti sa 3.4% sa *survey* noong Enero 2022) na pasok sa *target range* na 2%-4%. Samantala, inaasahan nila ang mas mababang *average inflation* na 3.1% sa 2023 (mula sa 3.2% noong nakaraang *survey*) at 2.9% (mula sa 3.3%) sa 2024.

Patuloy ang paglago ng ekonomiya ng bansa.



Inaasahang patuloy na lalago ang ekonomiya ng bansa at babalik sa *pre-pandemic level* sa ikalawang bahagi ng 2022. Samantala, ang paglagong ito ay maaaring maapektuhan ng ilang pangyayari gaya ng pagkakaroon ng mga bagong *COVID-19 variants* at patuloy na kawalan ng katiyakan sa pandaigdigang *economic recovery*.

Lumago ang ekonomiya ng bansa ng 7.7% noong Q4 2021 (mula sa 6.9% noong nakaraang *quarter*) at ng 5.6% sa buong taon ng 2021 (na mas mataas sa *government target range* na 5.0-5.5%). Samantala, ang pagkakaroon ng mas mahigpit na quarantine restriction sa Kamaynilaan at ilang mga pangunahing probinsya dahil sa pagkalat ng *COVID-19 Omicron variant* noong *January 2022*, kasabay ng pinsala ng bagyong Odette, ay maaaring makaapekto sa paglakas ng ekonomiya ng bansa sa first quarter ng 2022. Sa kabilang banda, ang mga pag-gasta kaugnay sa nalalapit na eleksyon, posibilidad ng pagluwag ng *quarantine restrictions* sa *second quarter* ng 2022, patuloy na implementasyon ng malawakang pagbabakuna, pagdami ng trabaho, at *economic recovery* ng ibang bansa ay inaasahang magpapalakas ng demand na magpapalago naman sa ekonomiya ng Pilipinas.

Dahil magiging manageable ang inflation, hindi binago ng BSP ang key policy interest rate at patuloy pa din itong susuporta sa ekonomiya ng bansa.



May mga maaaring makapigil sa patuloy na paglago ng ekonomiya ng bansa gaya ng posibilidad ng *delay* sa malawakang pagbabakuna, patuloy na pagtaas ng pandaigdigang presyo ng langis at pagkain, at ang pagbawi ng mauunlad na bansa sa polisiyang nagpapalakas ng demand (*supportive monetary policy*)¹.

Dahil dito, masusing babantayan ng BSP ang *timeline* at *strategy* sa unti-unting pagbawi ng mga ipinatutupad na polisiyang may kaugnayan sa *pandemic*, bago itaas ang *key policy interest rate*. Patuloy nitong ipagbibigay-alam sa publiko ang mga *developments* ukol dito.

Habang patuloy na ipatutupad ng BSP ang mga polisiyang angkop sa economic condition ng bansa, handang tumugon ang BSP sa banta ng pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Dahil walang pagbabago sa key policy interest rate ng BSP na 2%, ano ang kahulugan nito?

Para sa iyo, ...



Mananatiling mababa ang halaga ng pag-utang o *borrowing cost* sa bansa. Dahil dito, mas *afford* mo nang mangutang para bumili ng motorsiklo o sasakyan at magpaayos ng bahay. Tumutulong itong palakasin ang kabuuang pagkonsumo na nagpapalago sa ating ekonomiya.

Para sa isang negosyante, ...



Ang halaga ng paghiram ng pera sa bangko ay mananatiling mababa kaya mas kaaya-ayang magsimula ng bagong pagkakakitaan o mag-*expand* ng kasalukuyang negosyo. Ito ay nakatutulong upang mapaunlad ang ating ekonomiya.

Maaaring tingnan ang kabuuan ng 2022 February Monetary Policy Report sa https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/VisualMPR/MonetaryPolicyReport_February2022.aspx

¹Ang pagbawi ng *supportive monetary policy* sa ibang bansa, kabilang ang pagtaas ng *policy interest rates*, ay puwedeng makapagpapahina sa pag-gasta sa mga bansang ito na puwede namang makabawas sa kanilang demand sa *exports* ng bansa, bukod sa iba pang epekto sa atin.

